Total Hip Replacement

Total hip replacement is a surgery to replace worn or damaged parts of the hip joint. The surfaces of the diseased joint are removed and replaced with an artificial joint. This surgery can relieve pain and improve movement in your hip joint.

You may need a total hip replacement if:

- Other treatments such as medicine, steroid injections and physical therapy, no longer stop your pain or help movement of the joint.
- The pain or poor movement in your hip prevents you from doing your normal activities.

The Normal Hip Joint

Your hip is a joint where the thigh bone (femur) meets the hip bone (pelvis). A healthy hip has layers of smooth cartilage that cover the ball-shaped end of the femur and socket shaped part of the pelvis. The cartilage acts as a cushion and allows the ball of the femur to glide easily within the socket of the pelvis. The muscles around the joint support your weight and help move the joint smoothly.



Ganap na Pagpapalit ng Balakang

Ang ganap na pagpapalit ng balakang ay isang operasyon kung saan pinapalitan ang nasira o gutay-gutay na bahagi ng kasukasuan ng balakang.Tinatanggal ang panlabas na bahagi ng nasirang kasukasuan at pinapalitan ng artipisyal na kasukasuan. Maiibsan ng operasyong ito ang sakit at mapapabuti ang paggalaw ng kasukasuan ng iyong balakang.

Maaari kang mangailangan ng ganap na pagpapalit ng balakang kung:

- Ang ibang mga lunas tulad ng gamot, mga iniksiyon na steroid at pisikal na terapi ay hindi na nakatatanggal ng iyong sakit o nakatutulong sa paggalaw ng kasukasuan.
- Ang sakit o mahinang paggalaw ng iyong balakang ay nakapipigil sa iyong karaniwang mga gawain.

Karaniwang Kasukasuan ng Balakang

Ang iyong balakang ay isang kasukasuan kung saan nagtatagpo ang buto ng iyong hita (pemur) at ang buto ng iyong balakang (buto ng balakang). Ang malusog na balakang ay may mga suson ng makinis na kartilago na bumabalot sa hugis-bolang dulo ng pemur at ng hugis-bokilyang bahagi ng buto ng balakang. Ang kartilago ay nagsisilbing proteksyon at daanan ng bola ng pemur upang ito ay dumausdos nang maayos sa bokilya ng buto ng balakang. Inaalalayan ng mga kalamnan na nakapalibot sa kasukasuan ang iyong bigat at tumutulong ang mga ito sa makinis na paggalaw ng iyong kasukasuan.



The Worn Hip Joint

The smooth cartilage layers can wear down on the ball and socket part of the hip joint. The cartilage can wear down as you age or from injury, arthritis or a side effect from certain medicines. When the joint wears down, the smooth surfaces become rough, like sandpaper. As you move your leg, the ball grinds in the socket causing pain and stiffness.



Total Hip Replacement

During surgery, the damaged cartilage and ends of the bones of the knee joint are removed. A new joint is created using an artificial cup and ball made of metal and very strong plastic. The cup replaces the worn hip socket of your pelvis. The new ball is attached to a stem that fits into your femur and is cemented in place with special bone cement. The metal has a porous surface that your bone will grow into as it heals to create a tight fit.



Nasirang Kasukasuan ng Balakang



Maaaring masira ang mga suson ng makinis na kartilago sa bola at bokilyang bahagi ng buto ng balakang. Ang kartilago ay maaaring masira habang ika'y tumatanda o dahil sa isang pinsala, pamamaga ng kasukasuan, o dahil sa masamang epekto ng ilang mga gamot. Kapag nasira ang kartilago, gumagaspang ang mga ito, tulad ng liha. Kapag iyong ginalaw ang iyong binti, pumipihit ang bola sa loob ng bokilya at makararamdam ka ng sakit at paninigas.

Ganap na Pagpapalit ng Balakang



Tinatanggal sa operasyon ang nasirang kartilago at mga dulo ng buto ng kasukasuan ng balakang. May bagong kasukasuang mabubuo sa pamamagitan ng paggamit ng artipisyal na tasa at bola, na gawa sa metal at sobrang tibay na plastik. Pinapalitan ng tasang ito ang nasirang bokilya ng iyong balakang. Ang bagong bola ay nakakabit sa isang tangkay na nakakapit sa iyong pemur at nakasimento sa pamamagitan ng paggamit ng espesyal na simento ng buto. Ang metal ay may panlabas na bahagi na puno ng maliliit na butas, kung saan masasanay ang iyong buto, habang ito ay gumagaling upang magkaroon ng mahigpit na kapit.

Joint Pain and Movement After Surgery

The staff will help you stand and begin walking with a walker the day of or day after surgery. You will have some pain as the tissues heal and muscles regain their strength. This pain should go away in a few weeks and pain medicine will be ordered to help relieve this surgery pain. With your new joint and physical therapy, you may be able to resume many of the activities you enjoy.

Talk to your doctor or nurse if you have any questions or concerns about total hip replacement.

2/2008. Developed through a partnership of The Ohio State University Medical Center, Mount Carmel Health and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.

Pananakit ng Kasukasuan at Paggalaw Matapos ang Operasyon

Tutulungan ka ng mga kawani sa pagtayo at pag-uumpisang lumakad sa tulong ng isang panlakad, sa araw o isang araw matapos ang operasyon. Makakaramdam ka ng kaunting pananakit habang gumagaling ang mga himaymay at sa pagbabalik ng lakas ng mga kalamnan. Mawawala ang pananakit na ito sa loob ng ilang linggo at bibigyan ka ng gamot sa pananakit upang makatulong maibsan ang pananakit na dala ng operasyon. Maaari kang magbalik sa maraming mga gawain na minsan mong kinawilihan sa gamit ng iyong bagong kasukasuan at pisikal na terapi.

Mangyaring makipag-usap sa iyong doktor o nars kung mayroon kang mga tanong o mga pag-aalala ukol sa ganap na pagpapalit ng balakang.

2/2008. Developed through a partnership of The Ohio State University Medical Center, Mount Carmel Health and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.